Pinaririkit ng Apoy ng Pag-ibig sa Diyos

Ng Isang Grupo ng mga Collaborator ng Ruhi Institute

















Verse 1:

D A7
Mayroong apoy sa puso ko
Em A7
Na inilagak ng Diyos
D
Natatanging apoy
Am7–D7 G–Gm
Mayroong apoy sa puso ko
D
Iyon ang apoy
Em
Natatanging apoy
A7 D
Ng Kaniyang pag-ibig

Verse 2:

Sa araw-araw
Itong apoy ay gagatungan ko
Habang nagdarasal
At gumagawa ng kabutihan sa iba
Sa araw-araw
Itong apoy ay gagatungan ko at ito'y lalaki
Sa mga dalangin at paglilingkod sa sangkatauhan

Koro:

Am–D7
Ako'y magdarasal
(Ako'y magdarasal *echo voice*)
G
Sa Diyos
Gm D
Na parikitin sa aking puso
(Na parikitin sa aking puso *echo voice*)
Am–D7
Ang ningas

Itinuloy sa kasunod na pahina

Pinaririkit ng Apoy ng Pag-ibig sa Diyos *(katuloy)*



G
Ng apoy ng Kaniyang pag-ibig
Gm D
At sisikapin kong
Em A7 D
Ang liwanag niyon tatanglaw sa lahat ng puso

Verse 3:

Habang lumalaki
At nagniningas ang apoy na ito
Alab niya'y madarama
Sa lahat ng napapaligiran nito
Habang lumalaki
At nagniningas ang apoy na ito
Magbibigay siklab at init
Sa lahat ng madadaanan nito

(Ulitin ang Koro maliban sa huling linya)

Gm D/A Em A7
Sisikapin kong ang liwanag niyon tatanglaw
F# Bm–E7
Sa lahat ng puso
D/A Em
Sisikapin kong ang liwanag niyon tatanglaw
A7 D–G–D
Sa lahat ng puso